



Humanitarian Settlement Program

MGA PAGBABAGO SA MGA SERBISYO DAHIL SA COVID-19

Ang suporta para sa Humanitarian Settlement Program ay patuloy na makukuha ng mga kliyente sa panahon nang pagsiklab ng COVID-19. Gayunman, ang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo ay maaaring magbago alinsunod sa opisyal na payo sa kalusugan.

Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong **HSP service provider** nang direkta upang talakayin ang mga bagong kaayusan.

Alamin ang tungkol sa **COVID-19 at mga sintomas nito**.

Pangkalahatang-ideya

Ang Humanitarian Settlement Program (HSP) ay nagbibigay ng suporta sa mga humanitarian entrant (**mga tao na muling tumira sa Australya sa ilalim ng Humanitarian Program*) upang magkaroon ng mga kasanayan at kaalaman na kailangan nila upang makapamuhay nang hindi umaasa sa iba at maging aktibong miyembro ng komunidad sa Australya.

Ang HSP ay inihahatid sa ngalan ng Pamahalaan ng Australya ng mga kinontratang service provider sa buong Australya. Ang paglahok sa HSP ay boluntaryo at ang mga serbisyo ay inihahatid sa mga kliyente sa pamamagitan ng pamamaraan ng pamamahala ng kaso na batay sa pangangailangan.

Ang mga service provider ng HSP ay susuporta sa mga kliyente upang makamit ang kalalabasan sa mga sumusunod na mga priyoridad na larangan bilang pundasyon para sa matagumpay na paninirahan:

- Trabaho
- Edukasyon at pagsasanay
- Mga serbisyo sa wika
- Pabahay
- Pamamahala ng pera
- Kalusugang pisikal at sa pag-iisip at mabuting pamumuhay
- Pakikilahok sa komunidad at networking
- Pagpapatakbo ng pamilya at suporta ng lipunan
- Katarungan

Ang HSP ay dinisenyo upang magtrabaho ng magkasama ang iba pang mga serbisyo sa paninirahan at mga karaniwang serbisyo. Malakas nitong tinututukan ang pagtulong sa mga kliyente upang matuto ng Ingles at makakuha ng kinakailangang edukasyon at mga kasanayan sa pagtatrabaho bilang pagkilala na makatutulong ang positibong mga kalalabasan sa mga larangang ito sa mga humanitarian entrant* upang masanay na mamuhay sa Australya.

Ang mga lokasyon ng tanggapan ng mga service provider ng HSP at impormasyon sa pakikipag-ugnay ay makukuha **dito**.

Pagiging karapat-dapat

Kapag ang isang tao ay pinagkalooban ng isa sa mga sumusunod na visa upang manirahan sa Australya, siya ay isasangguni ng Department of Home Affairs sa isang service provider ng HSP upang makakuha ng suporta sa ilalim ng HSP sa kaniyang pagdating sa Australya.

- Refugee (subclass 200, 201, 203 at 204) visa; at
- Global Special Humanitarian (subclass 202) visa (maliban sa mga kalahok sa Community Support Program).

Mga Serbisyo

Ang mga case manager (*isang tao na tumutulong sa pagpapalano, koordinasyon, pagsubaybay, at pagsusuri*) ng HSP ay nakikipagtulungan sa mga kliyente upang bumuo ng pang-indibidwal na plano ng pamamahala ng kaso at maghatid ng mga pinagsama-samang serbisyo na iniakma sa kaniyang natukoy na mga pangangailangan.

Kabilang sa mga serbisyo ang maagang praktikal na suporta tulad ng:

- pagsalubong sa paliparan
- akomodasyon sa pagdating at pagtatalaga ng propyedad
- pagkaloob ng paunang pagkain at pinagsama-samang mga mahahalagang bagay
- tulong sa pagpaparehistro sa Centrelink, Medicare at isang bangko
- pagtugon sa mga agarang pangangailangang pangkalusugan
- mga tagubilin kung ano ang gagawin sa isang emergency at paano makakuha ng mga serbisyo ng interpreter
- pagpapakilala ng mga lokal na serbisyo.

Kabilang sa iba pang mga serbisyo na magagamit upang matulungan ang mga kliyente na makamit ang mga resulta sa kanilang paninirahan:

- paghahatid ng sariling programang Orientation na magpapatatag sa kaalaman ng mga kliyente tungkol sa pamumuhay at mga pinahahalagahan ng mga Australyano
- tulong sa paghanap ng pangmatagalang matitirhan
- suporta para makakuha ng mga karaniwang serbisyo, kabilang ang mga serbisyong sumusuporta sa kalusugan at pamilya
- mga ugnayan sa mga grupo at aktibidad ng lokal na komunidad
- suporta sa pagpaparehistro sa Adult Migrant English Program (AMEP) at pagpasok sa mga klase
- tulong sa pag-enroll sa may-kaugnayang edukasyon at pagsasanay at pagkilala sa mga kasanayan at kwalipikasyon na iyong nakamit bago pa ang pagdating
- tulong upang maka-ugnay ang mga serbisyo sa pagtatrabaho, papapatupad ng mgaistratehiya sa pagtatrabaho at makakuha ng mga suportang serbisyo para sa pagbubuo ng negosyo.

Maaari din pangasiwaan ng mga service provider ng HSP ang pagsusumite ng mga aplikasyon sa Free Translating Service (FTS) para sa mga karapat-dapat na kliyente ng FTS na hindi kayang magsumite online.

Ang paglabas sa HSP ay batay sa pagkamit ng mga kliyente ng mga kinalabasan sa paninirahan na tinukoy sa kanilang plano sa pamamahala ng kaso. Para sa karamihan ng mga kliyente, ang mga kalalabasang ito ay makamamit sa loob ng 6 hanggang 18-buwan ng pagdating sa Australya.